
# TANOD DAGAT



# TANOD DAGAT

Cebu City, Philippines
2010

Sa buong bansa, ang araw-araw na pagkilos para maituwid ang nakakaalarmang epekto ng napakahabang panahong pagsira at walang pakundangang pagsasamantala sa ating mga yamang-dagat ay pinamumunuan ng mga ordinaryong mamamayan na naging sariling adhikain na ang ipagtanggol at protektahan ang ating karagatan. Hango sa totoong buhay, ang TANOD-DAGAT ay isang koleksyon ng mga kwento mula sa anim na komunidad na tinulungan ng Fisheries Improved for Sustainable Harvest (FISH) Project. Ito'y mga kwento ng pagpupunyagi at tagumpay sa pagganap sa tungkulin ng mga tagapagtanggol ng ating dagat. Ang pagsasalaysay ay ginawa gamit pareho ang salita at larawan, tampok mismo ang mga tanod-dagat na ginampanan ang sarili nilang papel sa totoong buhay. Tampok din dito ang ilang miyembro ng komunidad na gumanap bilang kapitbahay, kaibigan, ilegal na mangingisda at iba pang karakter na hinango sa totoong buhay. Tapat sa katotohanan ang kabuuran ng bawa't kwento, subali't hindi ito eksaktong pagsasalaysay ng mga tunay na pangyayari.

Ang FISH Project ay isang proyekto ng United States Agency for International Development at Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources na layon mabigyan ng kakayahan ang pamahalaan at mga pamayanan sa pagtataguyod at pagpoprotekta ng ating pangisdaan at yamang-dagat.

Sa lahat ng bukas-palad na nagbigay sa amin ng kanilang talambuhay, at sa lahat ng iba pang lumahok sa ginawa naming pagkuha ng mga litrato, maraming, maraming salamat po. Ang TANOD-DAGAT ay handog namin sa inyo at sa lahat ng mga hindi kilalang bayani na walang pagod na nagsusumikap para sa pananauli at pagpapatuloy ng yamang-dagat ng ating bayan.

**Ang Marapat na Pakikibaka, 1**
Julficar Ladjahali, bilang sarili niya
Maimona Ladjahali, bilang sarili niya
Nur Harun, bilang sarili niya
Mga taga-Lagasan, Bongao, Tawi-Tawi, sa iba't ibang papel

**Mabuting Adhikain, 14**
Ruel Ramirez, bilang sarili niya
Aniceta 'Anning' Gulayan, bilang sarili niya
Mga taga-Talibon, Bohol, sa iba't ibang papel

**Kaloob na Buhay, 21**
Rico Cruz, bilang sarili niya
Lilibeth Cruz (maybahay ni Rico), bilang sarili niya
Mga taga-Bantigue Island, Carlos P. Garcia, Bohol, sa iba't ibang papel

**Manindigan para sa Wastong Pagbabago, 32**
Leonilo Vaz, bilang sarili niya
Mga taga-Buenavista, Tandag, Surigao del Sur, sa iba't ibang papel

**Kababaihan: Gabay ng Bayan, 42**
Bgy. Chairman Arnulfa Duenas at kababaihan ng Uba, bilang sarili nila
Menilo 'Butch' Ravina, bilang sarili niya
Kalalakihan ngUba, Cortes, Surigao del Sur, sa iba't ibang papel

**Ang Sariling Kaganapan ni Maria, 52**
Ma. Lourdes Alvarez at pamilya, bilang sarili nila
Bgy. Chairman Yuri Palanca, bilang sarili niya
Mga taga-Bintuan,Coron, Palawan, sa iba't ibang papel

**Santwaryong-Dagat, 60**

*Citation*: FISH Project (Fisheries Improved for Sustainable Harvest Project). 2010. Tanod Dagat. Fisheries Improved for Sustainable Harvest (FISH) Project of the Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources. Cebu City, Philippines. 64 p.


*Story, photography & direction, photo effects & layout by* Asuncion E. Sia
*Additional photos:* FISH Project files

This publication was made possible through support provided by the United States Agency for International Development (USAID) under the terms and conditions of Contract No. AID-492-C-00-03-00022-00. This publication may be reproduced or quoted in other publications as long as proper reference is made to the source. The authors' views expressed in this publication do not necessarily reflect the views of the United States Agency for International Development or the United States Government.

# ang marapat na PAKIKIBAKA




**JULFICAR 'Piks' LADJAHALI.**
**PUNONG BARANGAY, LAGASAN, BONGAO, TAWI-TAWI**





SI PIKS AY KABILANG SA ISANG MAIMPLUWENSYANG PAMILYA MULA SA ISANG MALIIT NA BARANGAY SA TAWI-TAWI KUNG SAAN SIYA LUMAKI. AT DAHIL NA RIN SIGURO SA KATAYUAN NG PAMILYA SA KOMUNIDAD, NAGPAKITA SYA NG LIKAS NA KAKAYAHAN SA PAMUMUNO MAGMULA SA MURANG EDAD.



'GOBERNADOR' SIYANG ITINURING NG MGA KAKLASE NYA SA HIGH SCHOOL, MASIGASIG SA PAGTATAGUYOD NG ANUMANG PAGKILOS NA PINILI NYANG SUPORTAHAN. NGUNIT PARA SA KANYANG MGA GURO, NAGING ISA SYANG 'REBELDENG ESTUDYANTE,' DAHIL NA RIN SA KANYANG DI-MIMINSANG PAGHAMON SA ILANG KAUTUSAN NG PAARALAN.



SA MAYNILA SYA PINAG-ARAL NG KOLEHIYO, AT DITO, MALAYO SA PATNUBAY NG MGA MAGULANG, SYA'Y TULUYANG NAWALA SA TAMANG LANDAS.


LULONG SA DROGA, KANYANG PINABAYAAN ANG PAG-AARAL, AT WINALDAS SA MASAMANG BISYO PATI PANG-MATRIKULA.



HINDI NAGTAGAL, PINAUWI SYA NG LIGALIG NYANG MGA MAGULANG...


WALANG PAGSISISI, NGUNI'T DI NAMAN SYA NAG-ATUBILING SUMUNOD SA UTOS NG AMA AT INA...


MULI, GINAMPANAN NYA ANG NAKAGAWIANG PAPEL BILANG LIDER NG MGA KA-BARKADA.


AT DAHIL LULONG PA SA DROGA, DI NYA NAIWASANG MASANG-KOT SA ILEGAL NA GAWAIN PARA LANG MAGKAPERA.
ALAM MO, BOSS, MAS MARAMI ANG MAHUHULI NAMING ISDA KUNG GUMAMIT KAMI NG DINAMITA. ANG HIRAP NGA LANG E KUNG MAHULI KAMI.
HUWAG KANG MAG-ALALA, PARE, AKO ANG BAHALA. SIGURADUHIN MO LANG NA KAHATI AKO SA LAHAT NG KIKITAIN NYO AT SISIGURADUHIN KONG HINDI KAYO MAHUHULI.


ANAK, TAMA NA. TIGILAN MO NA ANG PAGDUDROGA. ALAM MO KUNG GAANO KASAMA YAN SA KATAWAN MO.
OK LANG AKO MAMA PERO SIGE, SUSUNDIN KO ANG GUSTO NYO. ANO SA PALAGAY NYO ANG DAPAT KONG GAWIN?
SUMAMA KA SA AKIN SA ZAMBOANGA. MAY KILALA AKONG DOKTOR DOON NA MAKAKATULONG SA YO.
TAGUMPAY SYANG NAKAWALA SA IMPLUWENSYA NG DROGA. AT SA MULING PAG-UWI, BUO ANG DESISYON NYANG ITUWID ANG MGA NAGAWANG PAGKAKAMALI.
MATAPOS ANG ILANG TAON, TUMAKBO SYA SA ELEKSYON BILANG PAGKA-PUNONG BAYAN.
... AT PINALAD NAMANG MANALO.



SAMANTALA, SA KATABING BARANGAY...
TAMA PO KAYO. MAGANDA ANG IDUDULOT NG MARINE SANCTUARY DITO SA BARANGAY PABABAG. KAYA LANG, DAPAT ISAMA NATIN ANG BARANGAY LAGASAN SA PROGRAMANG ITO. MAHIHIRAPAN TAYO KUNG WALA SI PIKS.
HAYAAN NYO PO, KAKAUSAPIN NAMIN SI PIKS. AT HUWAG KAYONG MAG-ALALA. KAMING MGA TAGA USAID/BFAR FISH PROJECT AY PATULOY NA MAKIKIPAG-UGNAYAN SA INYO AT SA MUNISIPYO PARA BUUIN ANG TECHNICAL ASSISTANCE PACKAGE NA ANGKOP AT HIGIT NA MAKAKATULONG SA INYO.


AKO PO SI NUR HARUN, MANAGER NG USAID/BFAR FISH PROJECT DITO SA TAWI-TAWI. TUMUTULONG KAMI SA LOKAL NA PAMAHALAAN SA PANGANGALAGA NG MGA PANGISDAAN. KUMUSTA NAMAN ANG PANGINGISDA DITO, CHAIRMAN?
MAHINA NGA HO E. HINDI KATULAD NG DATI.
DAPAT MAGKA-ROON KAYO NG MARINE SANCTUARY PARA MAY LIGTAS NA LUGAR NA PANGITLOGAN AT KAN-LUNGAN ANG MGA ISDA. PWEDE NAMIN KAYONG TULUNGAN SA PAG-GAWA NITO.
A OO. NABANGGIT NA NGA SA AKIN ANG PLANO NYO SA PABABAG. SANA MAIPALIWANAG NYO PANG MABUTI ITONG MARINE SANCTUARY.
ABA, OO. KUNG GUSTO NYO, PUNTA TAYO SA ILANG SANCTUARY PARA MAS MAINTINDIHAN NYO KUNG ANO ANG NAGAGAWA NITO.


AT SA TULONG NG FISH PROJECT, NAGLIBOT NGA SI PIKS AT ILAN PANG MGA OPISYALES NG BONGAO SA ILANG MATAGUMPAY NA SANTUWARYONG-DAGAT SA BOHOL, CEBU AT NEGROS ORIENTAL...
ANG MARINE SANCTUARY AY ISANG LUGAR KUNG SAAN IPINAGBAWAL ANG PANGINGISDA AT IBA PANG GAWAING-TAO PARA MAKAPANGITLOG AT LUMAKI ANG MGA ISDA NANG HINDI NAGAGAMBALA.
Marine Sanctuary
MARAMING SANCTUARY SA PILIPINAS ANG PINAMAMAHALAAN NG MGA MANGINGISDA NA SYA RING NAKIKINABANG SA TINATAWAG NA SPILLOVER EFFECT NG SANCTUARY. IBIG SABIHIN, KAPAG DUMAMI NA ANG ISDA SA LOOB NG SANCTUARY, LUMALABAS ANG MGA ITO PAPUNTA SA KARATIG NA LUGAR, KUNG SAAN PINAPAYAGAN ANG PANGINGISDA.
MARAMING LUGAR NA RIN SA PILIPINAS ANG NAKARANAS NA NG PAGDAMI NG ISDA AT PAGTAAS NG HULI MATAPOS MAPROTEKSYONAN ANG MGA ITO NANG ILANG TAON SA PAMAMAGITAN NG SANCTUARY.


AT SA KANYANG PAG-UWI...
NAKAKAWILI ANG BYAHE. ANG DAMI NAMING NATUTUNAN, LALO NA TUNGKOL SA IBA'T IBANG GINAGAWA NA NG MGA KOMUNIDAD SA PANGANGALAGA NG YAMANG-DAGAT.
KAYA BA NAMAN NATING GAWIN DITO?
ABA, OO NAMAN. UNA SA LAHAT TALAGA NAMANG DAPAT NATING IPATUPAD ANG MGA BATAS-PANGISDAAN NA NARIYAN NA. AT PALAGAY KO, KAYA DIN NATING MAG-ALAGA NG SANCTUARY. NABANGGIT KO NA SA INYO ITO NOON. TINGIN KO, MAGANDA TALAGA SYA, AT KAYA NATING GAWIN.
PAANO NAMAN ANG MGA TAO, PIKS? SAAN SILA KUKUHA NG MAKAKAIN? NGAYON PA LANG NAGREREKLAMO NA SILA TUNGKOL SA UMANOY PAGHINA NG KITA NILA, DAHIL WALA DAW SILANG MAHULI. PAANO NA KAYA KUNG SABIHIN PA NATIN SA KANILA NA ISASARA NATIN ANG ILANG BAHAGI NG KANILANG PANGISDAAN?
SA UNA LANG NAMAN SIGURO YAN, MAMA. PARA SA KANILA DIN NAMAN ITONG GINAGAWA NATIN. KUNG HINDI TAYO KIKILOS NGAYON, BAKA TULUYAN NANG MAWALA ANG ATING MGA PANGISDAAN. ITO NA ANG PAGKAKATAON NATING MAIWASAN ANG TULUYANG PAGKASIRA NG ATING KARAGATAN.



MARAMI TAYONG GAGAWIN SA TAONG ITO. MAY NAIHANDA NANG PLANO ANG FISH PROJECT PARA SA PAGSASANAY NATIN AT SA PAGTATATAG MISMO NG SANCTUARY.
UNA, KAILANGANG MAKUHA NATIN ANG SUPORTA NG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA ORDINANSANG MAGTATATAG NG SANCTUARY.
TAPOS, ILALAGAY NATIN ANG MGA BOYA NA MAGSISILBING MARKA NG MGA HANGGANAN NG SANC-TUARY.
GAGAWA DIN TAYO NG GUARDHOUSE.
SAKA ITATALAGA AT MAGSASANAY TAYO SA PAGPAPATUPAD NG BATAS, PAGTATASA NG MGA YAMANG-DAGAT AT IBA PANG ASPETO NG PANGANGASIWA NG SANCTUARY.
BAGITO TAYONG LAHAT SA GAWAING ITO, KAYA'T TIYAK MARAMING PAGSUBOK ANG HAHARAPIN NATIN. PERO SIGURADO AKONG MATUTUTO DIN TAYO SA PAGLAON.


O ANO...
HANDA NA BA KAYO?
HANDANG-HANDA!



NAKUHA NYO NA BA ANG MGA PAPELES NA NAGTALAGA SA INYO BILANG FISH WARDEN CHAIRMAN?
OPO SIR NUR, SALAMAT PO. PAPALAOT NA NGA KAMI NGAYON PARA MAG-PATROLYA.
MANONG, MARAMING SALAMAT SA PAGPAPAHIRAM NYO NG BANGKA NYO. MAAARI BA NAMING GAMITIN ITO ULI HABANG WALA PA ANG AMING PATROL BOAT?


SIGE HO, CHAIRMAN. WALANG PROBLEMA SA AKIN YAN. MASAYA AKO AT AKO'Y NAKAKATULONG. KAHIT PAPAANO, NAIPAPAALAM NATIN SA MGA MANGINGISDA NA HINDI NA SILA PWEDENG MAG-ILEGAL DITO SA ATING DAGAT.



ANONG NANGYAYARI DITO, MGA PARE?
NAHULI PO NAMIN SIYANG PUMASOK SA SANCTUARY, CHAIRMAN.


E ANO NGAYON? ALAM NYO BANG MALIIT PA AKO NANGINGISDA NA AKO SA LUGAR NA YAN? ABA, SINO BA KAYO PARA PAGBAWALAN AKONG PUMASOK DIYAN?


MAY BATAS TAYO TUNGKOL DIYAN. BAWAL ANG PUMASOK SA SANCTUARY. ALAM KONG ALAM MO YAN, AT ALAM KO RIN NA ALAM MONG TUNGKULIN NAMING IPATUPAD ANG BATAS.
CHAIRMAN, ALAM KO KUNG ANO ANG SINASABI NG BATAS. ANG HINDI KO MAINTINDIHAN E KUNG BAKIT KELANGAN NATIN NG BATAS NA ITO, NGAYON PANG NAPAKAHIRAP NG BUHAY. GUSTO NYO ATANG GUTUMIN KAMI!
HUWAG NA TAYONG MAGTALO TUNGKOL DYAN. WALANG MANGYAYARI KAHIT MANGANGATUWIRAN PA AKO DAHIL AYAW MONG TANGGAPIN ANUMANG SABIHIN KO. DARATING DIN ANG ARAW NA MAIINTINDIHAN MO ITONG GINAGAWA NAMIN. BUONG-BUO KA NAMING TATANGGAPIN KAPAG HANDA KA NANG I-RESPETO ANG BATAS. PERO HABANG HINDI PA NANGYAYARI YAN, HUWAG KA MUNA SANANG BABALIK DITO.
USAPANG-MAGINOO 'TO, MGA KAPATID. MAGKAMAYAN PO TAYO.


PAGKARAAN NG APAT NA TAON...
O ANO CHAIRMAN. GINUGULO PA RIN BA KAYO NG ILEGAL NA MANGINGISDA?


HAHA. GANITO TALAGA SIGURO ANG BUHAY NG TAGAPAGTANGGOL NG DAGAT. PERO UMUNTI NA SILA, HINDI KATULAD NG DATI. MUKHANG TUMATALAB NAMAN ANG GINAGAWA NAMING PAGPAPATUPAD NG BATAS...


MAHIRAP TALAGA SA UNA, PERO SULIT DIN NAMAN ANG LAHAT NG PAGPAPAGOD NAMIN. NAPAKARAMING BAGAY NA ANG NAIDULOT NG SANCTUARY NA AMING PINASASALAMATAN NGAYON.


NAKIKINABANG NA ANG KOMUNIDAD SA PANGANGALAGA NAMIN SA SANCTUARY, KAYA IPAGPAPATULOY NAMIN ITO SA ABOT NG AMING MAKAKAYA.
AT SA GANANG AKIN NAMAN, NAKITA KO DITO ANG ISANG PAGKILOS NA TUNAY KONG DAPAT ITAGUYOD. TIYAK NA MATUTUWA ANG MGA TITSER KO SA HIGH SCHOOL KAPAG NAKITA NILANG ITO NA ANG IPINAGLALABAN NG DATI NILANG TINAGURIANG ‘REBELDENG ESTUDYANTE.’
WAKAS





# MABUTING ADHIKAIN

**RUEL RAMIREZ.**
**DATING LIDER NG COASTAL LAW ENFORCEMENT TEAM, TALIBON, BOHOL**


The Freeman
VOL. XXI NO. 146 Friday, December 5, 1986 CEBU CITY
TF EXCLUSIVE
DURING
Bohol rebs to make guns

SI RUEL AY MINSA'Y NAGING ISANG BATANG SUNDALO.



KATORSE LANG SYA NANG UNA SYANG NAKIBAKA LABAN SA GOBYERNO, KASAMA ANG KANYANG AMANG ISANG MATAAS NA OPISYAL NG NEW PEOPLE'S ARMY SA BOHOL.


SA EDAD NA 19, NAHULI SYA NG MGA SUNDALO NG GOBYERNO AT NANATILI SA KULUNGAN HANGGANG SYA'Y NABIGYAN NG AMNESTIYA MATAPOS ANG APAT NA TAON. SA KANYANG PAGLAYA, SYA'Y MULING NAMUHAY BILANG ISANG ORDINARYO AT MAPAYAPANG MAMAMAYAN.
NOONG 2004, NANG SYA'Y 34 TAONG GULANG AT NAGTATRABAHO BILANG ISANG SECURITY AIDE NG BAGONG MAYOR NG TALIBON, MULI SYANG TINAWAG SA ISA PANG URI NG PAKIKIBAKA.
NAG-AALALA AKO SA ILEGAL NA PANGI-NGISDA NA NANGYAYARI DITO. GUSTO KONG MATUGUNAN ITO, PERO HINDI AKO SIGURADO KUNG ANONG KLASENG KOOPERASYON ANG MAKUKUHA NATIN MULA SA HANAY NG MGA KAWANI NG MUNISIPYO.
MAGBUBUO AKO NG ISANG ESPESYAL NA TASK FORCE PARA MAG-PATROL SA KARAGATAN AT GUSTO KONG IKAW MUNA ANG MAMUNO DITO. PUMILI KA NG MGA TAONG MAPAGKAKA-TIWALAAN MO. MAHALAGANG PROGRAMA ITO. KAILANGANG MAGTAGUMPAY TAYO.
OPO MAYOR. MAKAKAASA PO KAYO.
MGA KASAMA, MAMAYANG GABI NA ANG UNA NATING PAGPA-PATROL. MAY GUSTO PA BA KAYONG ITANONG?
OPO, SIR. NATU-TUWA PO AKO AT ISI-NAMA NYO AKO DITO. PERO KAGAYA NG ILAN DITO, ISA PO AKONG TAGAWALIS LANG SA PALENGKE. NAGTATAKA LANG PO AKO AT BAKIT KAMI ANG IYONG NAPILI.
ALAM NYONG KAUUPO LANG NI MAYOR SA PWESTO, AT AKO'Y BAGO DIN DITO. KAYO LANG ANG KILALA AT ALAM KONG MAPAGKAKATIWALAAN KO. ITO LANG ANG MAHALAGA SA NGAYON. BINIGYAN TAYO NG TRABAHO AT GAGAWIN NATIN ITO SA ABOT NG ATING MAKAKAYA. HANDA BA KAYONG GAWIN ITO?
YES, SIR !


MATAPOS ANG ILANG BUWAN...
AKO SI ANNING GULAYAN NG USAID/BFAR FISH PROJECT. SINABI SA AKIN NA IKAW DAW ANG NAATASAN NG MAYOR NA MAMUNO SA COASTAL LAW ENFORCE-MENT TASK FORCE DITO, RUEL. MABUTI NAMAN AT NAGKAKI-LALA NA TAYO.
BAKA GUSTO MONG SUMAMA SA COASTAL RESOURCE MANAGE-MENT TRAINING PROGRAM NAMIN? ISAMA MO NA RIN ANG MGA TAUHAN MO.
ABA OO. KUNG PAPAYAGAN KAMI NI MAYOR, TALAGANG SASALI KAMI. MAGANDANG PAGKAKATAON ITO NA MAKAPAGSANAY KAMI SA PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS SA DAGAT. MEDYO NAHIRAPAN DIN KAMI SA TRABAHO KASI MINSAN HINDI NAMIN ALAM KUNG ANO ANG NARARAPAT GAWIN.
SIGURADO AKONG PAPAYAGAN KAYO NI MAYOR. MALAKAS ANG SUPORTA NYA SA PROGRAMANG ITO.
AT SIGURADO DIN AKONG MAKIKINABANG KAYO SA AMING COASTAL LAW ENFORCEMENT TRAINING.


CLEAR7


ENFORCER




MAKARAAN ANG TATLONG TAON...
BABATIIN KO LANG KAYONG LAHAT SA MAGANDANG ULAT NA NAKUHA KO SA MGA KASAMA NATIN SA MGA BARANGAY. MUKHANG NAGTAGUMPAY TAYO NA MABAWASAN ANG ILEGAL NA PANGINGISDA SA ATING MUNICIPAL WATERS. MAGANDA SIGURO KUNG MARINIG KO RIN ANG PANANAW NYO TUNGKOL DITO.
PALAGAY KO MARAMING MASASABI SI RUEL TUNGKOL DYAN. RUEL?
UNA SA LAHAT, MARAMING SALAMAT PO SA MAGANDANG BALITA. NAKAKATABA NG PUSO ANG MARINIG NA ANG MGA MANGINGISDA MISMO ANG NAGSASABI NA NAKAKATULONG SA KANILA ANG GINAGAWA NATIN.
PALAGAY KO RESULTA NA RIN ITO NG PAGSISIKAP NG LAHAT NA MATUGUNAN ANG NAPAKATAGAL NANG PROBLEMA NATIN SA ILLEGAL FISHING – HINDI LANG KAMI, KUNDI PATI NA RIN ANG MAYOR, ANG ATING COASTAL RESOURCE MANAGEMENT OFFICE, AT ANG MGA KASAMA NATIN SA USAID/BFAR FISH PROJECT.


SIGURO PARE-PAREHO ANG PINAGDAANAN NATIN. SA UNA, NOONG BINIGAY SA AKIN NI MAYOR ANG RESPONSIBILIDAD NA ITO, ISIP KO, NORMAL LANG NA TRABAHO. BINIGYAN AKO NG ISANG KAUTUSAN, AT BILANG ISANG MABUTING SUNDALO, KAILANGANG MAAYOS KONG GAWIN ITO.
TAPOS MAY NAKAUSAP AKONG ISANG MANGINGISDA, MANGIYAK-NGIYAK DAHIL NASIRA ANG KANYANG BUBO MATAPOS MADAANAN ITO NG HULBOT-HULBOT. SABI NYA, INUTANG LANG NYA ANG PAMBILI NG BUBO, AT HINDI PA NYA NABAYARAN ITO.
MARAMI PA AKONG NAKAUSAP NA TULAD NYA, AT NAKITA KO ANG LUNGKOT AT KAWALANG-PAG-ASA NILA.
DOON KO NAISIP: HINDI ORDINARYONG TRABAHO ITONG GINAGAWA NATIN. ISA RIN ITONG PAGPUPUNYAGI PARA SA KATARUNGAN AT PAGKAKA-PANTAY-PANTAY.
FISHWAT


NANINIWALA AKONG NAIINTINDIHAN NG MARAMING MGA MANGINGISDA NA NANDITO TAYO PARA TULUNGAN SILANG MAPANGALAGAAN ANG DAGAT, PARA NA RIN PATULOY SILANG AANI DITO NG KANILANG MAKAKAIN AT IKABUBUHAY, HINDI LANG NGAYON KUNDI PATI NA RIN SA HINAHARAP. ANG MAHALAGA AY PATULOY NATIN SILANG PINAALALAHANAN, AT GINAGAMPANAN NATIN ANG ATING TRABAHO NANG WALANG TAKOT O KINIKILINGAN.
ILANG TAON AKONG NAMALAGI SA KILUSANG KOMUNISTA KUNG SAAN TINURUAN AKO NG KAHALAGAHAN NG PAGSASAKRIPISYO PARA UMANO SA IKABUBUTI NG NAKARARAMI. ITO LANG ANG MASASABI KO: NGAYON LANG SA TANANG BUHAY TUNAY KO NA NARAMDAMAN NA AKO'Y NAKATULONG SA KAPWA KO MAMAMAYAN, AT YAN AY DAHIL SA TRABAHO NATING ITO.
WAKAS


KALOOB na BUHAY
RICO CRUZ.
BANTAY-DAGAT, BANTIGUE ISLAND, CARLOS P GARCIA, BOHOL
PANG-SIYAM SI RICO SA LABING-WALONG ANAK NG ISANG DINAMITERO, AT HINDI MIMINSAN SIYANG NAPAGPAYUHAN NG KANYANG AMA...
HUWAG NA HUWAG KAYONG TUMULAD SA AKIN, MGA ANAK. LUBHANG DELIKADO ITONG GINAGAWA KO. NAPIPILITAN LANG AKONG GUMAMIT NG DINAMITA SA PANGINGISDA DAHIL ITO LANG ANG ALAM KONG HANAP-BUHAY.



MARAMING TAON NYANG SINUNOD ANG PAYO NG KANYANG AMA. HANGGANG ISANG ARAW...
BABAYARAN KO NG 5,000 PISO ANG HULI MO. MAGDINAMITA KAYO PARA MAKADAMI TAYO. AKO NA ANG BIBILI NG DINAMITA.
SIGE PO. ANO RICO, SAMA KA !
NAKU EWAN KO. WALA AKONG ALAM SA PAGDIDI-NAMITA. BAKA HINDI KO KAYA.


KAYA MO YAN! HAYAAN MO, TUTURUAN KITA.


BOOM !


BISPERAS NG PASKO, MAKARAAN ANG LIMANG BUWAN...
PARE, MAY ISDA DYAN SA MALAPIT. NAPAKARAMI.
TALAGA? SWERTE! MAGANDANG PAMASKO. LALAOT AKO NGAYON MISMO !








MANONG, ANONG PROBLEMA?
AY NAKU MINAMALAS ATA. NAITAPON KO NA LAHAT NG DALA KONG DINAMITA, KAHIT ISA WALANG PUMUTOK. SISISID LANG AKO SANDALI AT BAKA MASALBA KO PA KAHIT MAN LANG MITSA. SAYANG DIN E. BAKA MAPAKINABANGAN PA.
INGAT PO KAYO AT BAKA TALAGANG WALANG SWERTENG DALA ANG ARAW NA ITO PARA SA INYO.


BOOM !
DIYOS KO PO!
MGA KAPIBAHAY!!! TULONG!
NASABUGAN ANG MANUGANG
KO! TULONG! DIYOS KO...


BAGONG TAON...
EWAN KO BA KUNG ANONG NAISIP KO. KUNG KAILAN NAGKAISIP AT NAGKAPAMILYA AKO, SAKA KO PA SINUWAY SI ITAY.
ANO NA LANG ANG MANGYAYARI SAYO AT SA MGA ANAK NATIN KUNG AKO'Y TULUYANG NAPAHAMAK? AT DAHIL LANG SA ISANG NAPAKALAKING KATARANTADUHAN !
TAMA NA RICO ! HUWAG MO NANG PAHIRAPAN PA ANG SARILI MO. LAHAT NAMAN TAYO AY NAGKAKAMALI. ANG MAHALAGA AY BUHAY KA, AT SAMA-SAMA PA RIN TAYO.


Shell
ADVANCE


TAMA KA, BETH. ISANG BIYAYANG MAITUTURING NA NAKALIGTAS AKO. ITO'Y ISANG BAGONG BUHAY. NGAYON KO LANG NAKITA ANG TUNAY NA KAHULUGAN NG BAGONG TAON -- UNANG ARAW ITO NG PAGBABAGO. PANGAKO, BALANG ARAW ITUTUWID KO ANG NAGAWA KONG PAGKAKAMALI.

TINUPAD NI RICO ANG BINITIWANG PANGAKO SA SARILI AT ASAWA. NGAYON, ISA NA SYANG BANTAY-DAGAT AT PINUNO NG ISANG GRUPO NG MANGINGISDA NA NAATASANG MAMAHALA SA ISANG SANTWARYONG DAGAT SA BARANGAY NILA. TUNGKULIN NYANG BANTAYAN ANG SANTWARYO, PIGILIN ANG ILEGAL NA PANGINGISDA (KASAMA NA ANG PAGGAMIT NG DINAMITA) AT TURUAN ANG MAMAMAYAN SA KAHALAGAHAN NG PAGPOPROTEKTA NG DAGAT AT NG PAGGAMIT NG TAMA AT NARARAPAT NA PARAAN NG PANGINGISDA.




SA TULONG NG USAID/BFAR FISH PROJECT AT NG MUNISIPYO, SIYA AT SAMPU NG KANYANG MGA KASAMA AY NAGSANAY SA PAGPAPATUPAD NG BATAS-PANGISDAAN. TINULUNGAN DIN SILA NG PROYEKTO PARA MAITATAG ANG KANILANG SANTWARYO...






...AT MAITAYO ANG ISANG GUARDHOUSE NA TUMULONG PARA WALANG PATID NA MABANTAYAN NILA ANG SANTWARYO BUONG ARAW.


HOY! HOY ! ! !
BAWAL PUMASOK DYAN ! WALANG PWEDENG MANGISDA DYAN ! SA LABAS KAYO ! DOON ! OO DYAN ! SA LABAS NG BOYA!
'TAY? HINDI PA KAYO UUWI?


MALAPIT NA, ANAK. HINIHINTAY KO LANG ANG PAPALIT SA AKIN. SUSUNOD NA AKO.
TAHIMIK NAMAN HANGGANG NGAYON. MAY DALAWANG TAO NA NAGTANGKANG PUMASOK KANINA PERO UMALIS NAMAN KAAGAD NANG SITAHIN KO.
TINGIN KO, BOSS, TAHIMIK NA YAN BUONG ARAW. NAPANSIN KONG PAUNTI NA ANG MGA NAGTATANGKANG LUMABAG SA ATING MGA PATAKARAN. SIGURADONG ALAM NA NG MARAMI NA PALAGING MAY NAGBABANTAY DITO.
SA ANO'T ANO MAN SISIGURADUHIN KONG WALANG GAGAWA NG MASAMA DITO HABANG NAKABANTAY AKO.
O ANO NA NAMAN ANG INIISIP MO?


WALA LANG, HAHA. PINAGNINILAYAN KO LANG ANG BUHAY-BUHAY. SA KABILA NG LAHAT, NAGING MAGANDA NAMAN ANG MGA PANGYAYARI, DI BA?



MUNTIK AKONG NABAWIAN NG BUHAY DAHIL SA SARILING KATANGAHAN NA PUMINSALA SA DAGAT AT SA KINABUKASAN NATING LAHAT. ITONG KAMAY NA TO ANG PAALALA SA NAPAKALAKING KAHIHIYAN NA NAGAWA KO NOON. NGUNIT MAPALAD AKO, DAHIL NABIGYAN AKO NG PAGKAKATAON NA ITAMA ANG MALING AKING NAGAWA.



SA PAGIGING TAGAPAG-TANGGOL NG DAGAT NATAGPUAN KO ANG ISANG MAHALAGANG LAYUNIN SA BUHAY.
WAKAS


manindigan
para sa wastong
pagbabago
LEONILO 'NILO' VAZ,
BFARMC CHAIRMAN, BUENAVISTA, TANDAG, SURIGAO DEL SUR


BILANG PINUNO NG BARANGAY FISHERIES AND AQUATIC RESOURCE MANAGEMENT COUNCIL (BFARMC), HINARAP NI NILO ANG TAHASANG PAGSALUNGAT NG MGA KAPITBAHAY NANG ITAGUYOD NYA ANG PAGTATAG NG ISANG SANTWARYONG-DAGAT SA KANILANG BAYAN.
ISANG BAHAGI LANG NG DAGAT NATIN ANG SASARHAN PARA MAY LIGTAS NA LUGAR NA PANGITLOGAN AT TITIRHAN ANG MGA ISDA. MASISIGURO KO SA INYO, KAYO DIN ANG MAKIKINABANG PAG NAI-BALIK NA ANG KALUSUGAN NG DAGAT.
SABI NYO LANG YAN, SAMANTALA MAGUGUTOM ANG PAMILYA NAMIN. HUWAG NYONG ASAHAN NA MATA-TANGGAP NAMIN YAN.


NABALITAAN KO ANG BALAK NYO. HUWAG NYO LANG HO AKONG GAGAMBALAIN SA TRABAHO KO PARA WALANG GULO.


KAHIT NADISMAYA, HINDI PINAGHINAAN NG LOOB SI NILO. SYA AY DUMULOG SA SANGGUNIANG BAYAN.
MAGANDANG ARAW PO, KAGAWAD. MAAARI KO HO BA KAYONG MAKAUSAP TUNGKOL SA BINABALAK NAMING MARINE SANCTUARY?


A OPO. MAY PUMUNTA NA DITO NA MGA TAGA-USAID/BFAR FISH PROJECT PARA IPALIWANAG ANG PROYEKTO. ANONG MAITUTULONG KO SA INYO?
DALA KO PO ANG ISANG DOKUMENTONG NAGLALAMAN NG MGA PANGANGAILANGAN NAMIN SA PAGTATAG AT PAGPAPA-TAKBO NG SANCTUARY. SANA PO MATULUNGAN NYO KAMI.


AT PINALAKAS NYA ANG PAGTUTULUNGAN NG MGA KASAPI SA FARMC SA PAGSULONG NG PROYEKTO.
ANO ITONG NARINIG KONG AYAW NG MGA MANGINGISDA SA PLANO? ANONG PROBLEMA NILA?
OO NGA. NAHIHIRAPAN NGA KAMING KUMBINSIHIN ANG MARAMING MANGINGISDA TUNGKOL SA PROYEKTONG ITO.


AYAW NILANG MANIWALA SA SINASABI NATIN. TINGIN NILA PINAPATAY NATIN ANG HANAPBUHAY NILA. ANG DAMI NGANG NAGAGALIT SA AKIN. NGAYON LANG ATA AKO NAGKAROON NG GANITO KARAMING KAGALIT, LAHAT DAHIL SA SANCTUARY. PERO SABI NAMAN NG MGA TAGA-FISH PROJECT, SA UMPISA LANG GANITO. SANA NGA TAMA SILA.


BASTA GAWIN NA LANG NATIN ANG NARARAPAT. DARATING DIN ANG PANAHON NA MALILIWANAGAN ANG MGA BUMABATIKOS SA ATIN NGAYON.
TAMA KA, PARENG NILO. UMPISAHAN NA NATIN KAHIT HINDI SILA SUMAMA. SA BANDANG HULI, KUNG MAY MAGANDANG RESULTA NA, MAKIKIISA RIN SILA.
DYAN BA ILALAGAY ANG SANCTUARY? KAYA NAMAN PALA NAGREREKLAMO ANG MGA TAO. DYAN SILA PUMUPUNTA PARA MANGISDA.
ALAM KO, PERO 13 EKTARYA LANG NAMAN ANG SANCTUARY, MALIIT NA BAHAGI NG PINANGINGISDAAN NILA. ANG LUGAR NA ITO ANG INIREKOMENDA NG MGA TAGA-FISH PROJECT. ITO DAW ANG DAPAT PAGLAGYAN NG SANCTUARY DAHIL MAS MAKAKASIGURO TAYO SA MAGANDANG RESULTA. DI BA GUSTO NATING MAGTAGUMPAY ANG PROYEKTONG ITO?


AT SAKA NAGSIMULA ANG MABIGAT NA TRABAHO...
NILO, UTOL! SALAMAT AT NAKITA KITA.
SIR, NAHULI PO NAMIN SYANG NANGINGISDA SA LOOB NG SANCTUARY.
AT BAKIT HINDI? HAHA! KAYO NAMAN! NANDUN ANG MGA ISDA, SIYEMPRE DOON AKO PUPUNTA!
PARE ANO BA, BAKIT MO GINAWA YUN? ALAM MO NAMANG BAWAL MANGISDA SA LOOB NG SANCTUARY.
HINDI MO AKO TUTU-LUNGAN? ANG PINAKAMATALIK MONG KAIBIGAN? 'TOL NAMAN ! HALOS MAGKAPATID NA TAYO ! WALA BANG HALAGA SA YO ANG PAGIGING MAGKAIBIGAN NATIN?


PASENSYA NA PARE. KAPATID ANG TURING KO SAYO PERO TUNGKULIN KONG PANGALAGAAN ANG SANCTUARY. PATAS DAPAT ANG BATAS. MARAMI NANG NAPARUSAHAN SA PAGLABAG NG MGA PATAKARAN NG SANCTUARY. ANO NA LANG ANG SASABIHIN NILA KUNG IBA ANG TRATO NAMIN SA'YO?
MUNICIPAL ENFORCEMENT ACTION TEAM
SANA NAMAN HINDI MO GAMITIN ANG PAGKAMAGKAIBIGAN NATIN PARA SUMUWAY SA BATAS. KUNG MAHALAGA AKO SA'YO BILANG ISANG KAIBIGAN, HINDI MO AKO IPAPASUBO SA GANITONG ALANGANING SITWASYON.
NANG ARAW DING YUN...
O ANONG NANGYARI? KUMUSTA ANG KAIBIGAN KO?
SIR NANDOON PO SA HIMPILAN NG PULIS. DOON PO SIYA MAGPAPALIPAS NG GABI. GALIT PO, SIR, PERO HUWAG KAYONG MAG-ALALA. BUONG GABI PO SYANG MAKAKAPAG-ISIP-ISIP, KAYA BAKA BUKAS LANG HUMUPA NA ANG GALIT NYA.


PAGLIPAS NG ISANG TAON...
MAGANDANG UMAGA PO ! KUMUSTA?
AY SIR ! OKEY NA OKEY PO ! ANG GANDA HO NG HULI NAMIN NGAYONG ARAW !



BNHS
1
MANTAKIN NYO PO, NI HINDI KAMI NAGTANGKANG PUMASOK SA SANCTUARY ! HA HA HA !



HA HA HA ! TINGIN NYO MAKAKAPASOK KAYO?
HINDI NGA HO. HA HA HA ! ANG HIGPIT NG GUARDYA NYO ! TALAGANG HINIGPITAN NA ATA NG BANTAY DAGAT NATIN ANG PAGPAPATUPAD NG BATAS ! PERO NATUTUWA NAMAN AKO. ISA AKO SA MGA TUMULIGSA SA PROYEKTO NOON, PERO NAKATULONG TALAGA ANG PAGBABANTAY NYO PARA MAPIGILAN ANG ILEGAL NA PAGPASOK DITO NG MALALAKING MANGINGISDA. AT DAHIL WALA NA KAMING MALAKING KAKUM-PETENSYA SA HULI, MAS PATAS NA ANG LABAN.
E DI BA SINABI KO SA INYO NOON PA NA KAYO DIN ANG MAKIKINABANG SA SANCTUARY ? NANINIWALA NA KAYO NGAYON ?
AY OPO ! PASENSYA NA HO SA PAGDUDUDA KO NOON.
HUWAG MO NANG ALALA-HANIN YUN. BASTA AASAHAN KONG KAPANIG NA NAMIN KAYO NGAYON.
SALAMAT PO. MAKAKAASA KAYO.


AT SA MULING PAGTATAGPO NG DALAWANG DATING MAGKAIBIGAN...
OY PARE ! KUMUSTA? NGAYON LANG ULI KITA NAKITA.
INIIWASAN MO BA AKO ? GALIT KA PA ATA !
OY 'TOL ! NAKU PASENSYA NA PERO AAMININ KONG TALAGANG INIWASAN KITA. AKALA KO GALIT KA SA AKIN E. SAKA HIYANG-HIYA AKO SA'YO.


SA TOTOO LANG, NOON MIS-MONG ARAW NA NAKULONG AKO NALIWANAGAN NA ANG ISIP KO. WALA AKONG KARAPATANG MAGALIT SA'YO. AKO ANG MALI. INABUSO KO ANG PAGKA-MAGKAIBIGAN NATIN.
HUWAG MO NANG ISIPIN YAN. WALA NA YAN. MASAYA AKO AT NAGKASUNDO NA TAYO.
SALAMAT, 'TOL. HINDING-HINDI NA MAUULIT ANG NANGYARI SA ATING DALAWA, LALO NA'T NAIINTINDIHAN KO NA ANG MAGANDANG LAYUNIN NG SANCTUARY.


MARAMING SALAMAT SA INYONG LAHAT SA PAGDALO SA PULONG NA ITO, LALO NA SA MGA BAGO NATING KASAMA. NASISIYAHAN AKO AT DUMARAMI ANG HANAY NG MGA KAANIB NATIN.
NAKITA NYO NAMAN SIGURO KUNG GAANO LUMAKAS ANG SUPORTA NG KOMUNIDAD PARA SA SANCTUARY. PERO ALAM NYO RIN NA PATULOY PA RIN ANG BANTA NG ILEGAL NA PANGINGISDA. HINDI TAYO MAA-ARING MAGPABAYA SA PAGMAMATYAG AT PAGBABANTAY.


HINDI NATIN MABABAGO ANG PANANAW NG LAHAT NG TAO, PERO KUNG GAGAWIN NATIN ANG ATING TRABAHO, MAS LALAGO ANG ATING DAGAT, MAS DADAMI ANG AANIB SA ATIN, AT MABABAWASAN ANG BANTA SA ATING YAMANG-DAGAT.
KAYA DAPAT ITULOY NATIN ANG PANININDIGAN AT PAGPU-PUNYAGI, ANUMAN ANG HADLANG NA HARAPIN NATIN.


GAP
WAKAS

# Kababaihan GABAY ng BAYAN



**Ang KABABAIHAN ng UBA.**
**CORTES, SURIGAO DEL SUR**








GANUN BA. SIGE PO. TAYO NA LANG MUNA ANG MAG-USAP. SYA NGA PALA. AKO PO SI BUTCH RAVINA NG GREEN MINDANAO, ISANG NGO NA NAGTATAGUYOD NG PAGKAKALINGA SA KALIKASAN.
NARITO PO AKO PARA IPALIWANAG SA INYO ANG ISANG PROYEKTONG NAIS SANA NAMING ILUNSAD SA TULONG NINYO, NG TAONG-BAYAN. NATURAL, MAY KINALAMAN ITO SA PANGANGALAGA NG KALIKASAN.
MAITANONG KO LANG HO: ANO PO BA ANG PINAKAMALAKING PROBLEMA NATIN DITO KAUGNAY SA KALIKASAN ?
ANO PO, YUNG UMUUNTI ANG HULING ISDA. HALOS LAHAT KASI DITO SA DAGAT LANG UMAASA.
ANO NAMAN ANG KINALAMAN NYAN SA KALIKASAN ? USAPING PANG-EKONOMIYA ATA YAN.


MAAARI PONG MAGKAUGNAY ANG DALAWANG PROBLEMANG YAN. UMUUNTI ANG HULI NYO KAYA BUMABA DIN ANG INYONG KITA. SA KABILANG DAKO, KAYA UMUUNTI ANG HULI AY DAHIL MARAHIL SA PAGKASIRA NG TIRAHAN NG ISDA O SOBRA-SOBRANG PANGINGISDA, AT ITO'Y SULIRANING PANG-KALIKASAN.
ITO PO ANG MAGAGAWA NATIN: TUTULUNGAN NAMIN KAYONG MAGTAYO ISANG MARINE SANCTUARY O SANTWARYONG-DAGAT DITO. ISA PO ITONG LUGAR KUNG SAAN IPAGBABAWAL ANG PANGINGISDA PARA MAKAPANGITLOG, LUMAKI AT MAKAPAGPARAMI ANG MGA ISDA.


MUKHANG MAGANDANG IDEYA YAN. SIGE PO. PAG-USAPAN NATIN.
GALING!


MAKARAAN ANG ILANG BUWAN...
OY KAPITBAHAY ! MAGTATAYO KAMI NG GUARDHOUSE PARA SA ATING MARINE SANCTUARY. TULUNGAN MO NAMAN KAMI !
AY NAKU MGA MARE ! PAGPASENSYAHAN NYO NA AKO AT HINDI AKO NANINIWALA SA GINAGAWA NYO.
HA ? HINDI KA NANINI-WALA ? AT BAKIT NAMAN ?
IKAW TALAGA ! SUPORTADO NGA ITO NI MAYOR, IKAW PA !



ABA E BAKIT AKO SUSUPORTA SA ISANG PROYEKTO NA HINDI MAKAKA-TULONG SA ATIN , BAGKUS TATANGGALAN PA TAYO NG KIKITAIN ? HINDI AKO GAGO, NO !


SUS NAMANNNNN... KUNG NATATAKOT KANG MAWALAN NG PANGISDAAN, SINISIGURO NAMIN SAYO -- MALIIT LANG NA BAHAGI NG DAGAT NATIN ANG SANCTUARY. MAKIKINABANG KA RIN KAPAG NANUMBALIK NA ANG SIGLA NG ATING KARAGATAN.


SIGE HIHINTAYIN KONG MANGYARI YAN. SANA NGA MAG-DILANG-ANGHEL KAYO. MAGAN-DANG ARAW SA INYO.


HALA, TUMAKBO. HOY! BALIK KA DITO! HAHAHA! HAY NAKU... !
BATUGANG MATSING
O SYA. PUNTA NA TAYO SA MGA KASAMAHAN NATIN.
HINDI RIN MATINAG ANG ASAWA KO. NAG-AAKSAYA DAW TAYO NG ORAS,
ANG MGA LALAKI TALAGA... BALANG ARAW MAKIKITA NILA, TAMA TAYO. O ANO HANDA NA BA KAYONG BANTAYAN ANG SANCTUARY AT GAWIN ANG GUARDHOUSE NATIN? SULONG MGA KAPATID !
















MAKARAAN ANG ILANG TAON...
MAY MAGANDANG BALITA AKO SA'YO. NAPILI ANG BARANGAY NATIN NA ISAMA SA PROGRAMA NG MUNISIPYO AT USAID/BFAR FISH PROJECT. NAGHAHANAP SILA NG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION PARA SANAYIN SA PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS-PANDAGAT AT SA PAMAMAHALA NG ATING SANCTUARY.
INIREKOMENDA KO ANG GRUPO NYO. PAPARITO SILA SA SUSUNOD NA LINGGO. PWEDE BA KAYONG SUMAMA SA MITING NAMIN?
SIGE PO MAM. SALAMAT PO. MAKAKAASA KAYONG DARATING KAMI.


BARANGAY CHAIRMAN ARNULFA DUENAS, SALAMAT PO MAM SA PAG-IMBITA NYO SA LAHAT NG NARITO. MASAYA AKO AT NAKABALIK ULI AKO SA LUGAR NYO. DOON PO SA HINDI NAKAKAKILALA SA AKIN, AKO PO SI BUTCH RAVINA. SA FISH PROJECT NA HO AKO NGAYON. NASISIYAHAN AKONG MAKITA ANG MASISIPAG NA KALALAKIHAN NG UBA. MAGANDANG UMAGA PO SA INYO. SALAMAT AT NAKADALO KAYO.
AY OPO SIR. AKTIBO NA HO KAMI NGAYON SA SANCTUARY, SIMULA PA NOONG MAKITA NAMING BUMALIK NA ANG ISDA SA DAGAT. KAYA LANG ANG HIRAP E MAY MGA MANGINGISDANG GUSTO PA RING PUMASOK SA SANCTUARY.
GANYAN TALAGA LALO NA NGA AT MARAMI NANG ISDA SA LOOB NG SANCTUARY. HINDI PWEDE KAYONG MAGPABAYA. HAYAAN NYO. MAGSASANAY KAMI NG ILANG BANTAY DAGAT MULA SA HANAY NYO AT TUTULUNGAN NAMIN KAYONG MAGTAYO NG BAGONG GUARDHOUSE. PLANUHIN NATIN NA MABANTAYAN ANG SANCTUARY NG 24 ORAS ARAW-ARAW.


GALING ! NAKUHA MO NA ANG UNIPORME MO SA BANTAY DAGAT. BAGAY SA'YO 'TO. KAYONG MGA KALALAKIHAN ANG MAGBABANTAY SA GABI DI BA? HUWAG KANG MATUTULOG SA TRABAHO HA !
SI LOLA... ALAM NYO NAMANG MAAASAHAN NYO NA AKO NGAYON. DI TULAD NOONG DATI, BUONG-BUO NA ANG PANINIWALA KONG ANG SANCTUARY ANG ISA SA PINAKAMAGANDANG BAGAY NA NANGYARI DITO SA ATING BARANGAY. NATURAL, BABANTAYAN KO YAN !
WAKAS





# ang SARILING KAGANAPAN ni maria

## MA. LOURDES 'Maria' ALVAREZ.

**BANTAY DAGAT, TALULURA, BINTUAN, CORON, PALAWAN**

ISA SA 12 MAGKAKAPATID SI MARIA. LUMAKI SYA SA BAYAN NG CORON SA HILAGANG PALAWAN, KUNG SAAN LUMIPAT ANG KANYANG MGA MAGULANG NOONG SIYA'Y ISANG TAONG GULANG PA LANG. MAY SINAUNANG PAG-IISIP ANG MGA MAGULANG NYA, AT NANIWALA SILANG ANG PAPEL NG BABAE AY SA BAHAY LANG, AT HINDI NITO KAILANGANG MAG-ARAL. NGUNI'T NANGARAP SI MARIA NA MAKATUNTONG NG KOLEHIYO. SAMPUNG TAONG GULANG NA SIYA NANG MAKAPASOK NG UNANG BAITANG, AT ILANG TAON LANG, SA ISANG MALAGIM NA YUGTO NG KANYANG BUHAY, NAUDLOT ANG PAG-AARAL NYA. SA PAGHAHANAP NG KANLUNGAN, SYA'Y NAPADPAD SA ISANG KUMBENTO NG MGA MADRE SA MAYNILA, KUNG SAAN MULING NABUHAY ANG PANGARAP NYANG MAKAPAG-ARAL. AT MULI, SIYA AY NABIGO.







DAHIL UMANO KAILANGAN SYA SA BAHAY, PINAUWI SI MARIA NG KANYANG MGA MAGULANG. HINDI SYA NAG-ATUBILING TUMALIMA, AT TULUYAN NA NGA NYANG KINALIMUTAN ANG PANGARAP. DI NAGLAON, IKINASAL SYA SA ISANG LALAKING PINILI NG KANYANG MGA MAGULANG, AT IBINUHOS NYA ANG KANYANG ORAS SA PAG-AARUGA SA KANYANG PAMILYA. HANGGANG ISANG ARAW, NANG MATUKLASAN NYA ANG ISANG PANIBAGONG LAYUNIN SA BUHAY...




KAAGAD NAG-BOLUNTARYO SI  MARIA. NAGSANAY SYA SA ILALIM NG FISH PROJECT...




...AT DI NAGTAGAL, WALANG PAGOD NA NAGBANTAY SA SANTWARYO.
MANONG, MAGANDANG UMAGA PO. IPAGPAUMANHIN NYO PO, PERO NASA LOOB PO KAYO NG NO-ENTRY ZONE NG ISANG MARINE SANCTUARY. BAWAL PO ANG PUMASOK DITO.


BAWAL? KAILAN PA? SINO KA BA?
NAKAKAISANG BUWAN NA PO. AKO PO SI MARIA. AKO PO ANG BANTAY DITO.


SINONG MAY SABI? MAY AUTORIDAD KA BA DITO? LEGAL BA ITONG SINASABI MONG SANCTUARY?
OPO MANONG. MAY ORDINANSA PO TAYO PARA DITO. KUNG GUSTO NYO PO, MAGTANONG NA RIN KAYO SA MAYOR AT SA PUNONG-BARANGAY NAMIN. SA KANILA PO NANGGAGALING ANG KAUTUSANG MAGBANTAY KAMI DITO.


SIGE, GAGAWIN KO ANG SINABI MO.
MARAMING SALAMAT PO SA INYONG KOOPERASYON, MANONG. DOON PO SA LABAS NG MGA BOYA, PWEDE PO KAYONG MANATILI DOON. MAGANDANG ARAW AT INGAT PO KAYO.


MAKARAAN ANG APAT NA TAON...
OY MAGANDANG UMAGA! NARITO KA RIN KAHAPON A! MAY BISITA BA?



OPO, ATE MARIA. MAY APAT PO AKONG TIKET DITO.


MAS DUMADALAS ATA ANG PAGDALA MO NG BISITA DITO NGAYON.
OPO. DITO PO KASI GUSTONG PUMUNTA ANG MGA BISITA NAMING DAYBER AT SNORKELER. ALIW DAW SILA DITO. MUKHANG KUMAKALAT NA ANG BALITA NA MAGANDA ANG BAHURA DITO. MALAKI TALAGA ANG KAIBAHAN KUMPARA NOONG WALA PANG SANCTUARY.


TALAGA? SALAMAT NAMAN ! PASALAMATAN MO RIN ANG MGA BISITA NYO SA PAGPAPAHALAGA NILA SA SANCTUARY NAMIN. SABIHIN MONG MALAKING TULONG ANG IBINABAYAD NILA PARA PATULOY NAMING MAPANGALAGAAN ANG MGA BAHURA.
OPO ATE. PALAGI KO PONG SINASABI SA KANILA.
GALING ! SALAMAT HA ! HALA SIGE. KITA ULI TAYO. INGAT !
abercrombie
Johnson
FOUR STROKE


AH, NAKABALIK NA NA KAYO GALING ESKWELA. TAMANG-TAMA ANG DATING KO. O, SALUHIN NYO ITONG LUBID.
OPO, MAMA.



TAPOS NA BA ANG ASSIGNMENT MO SA ESKWELA?
TAPOS NA PO.
SA INYO PO BA ITONG MGA LUMANG LITRATO? PATINGIN !


IKAW PO ITO, MA? TUMIRA KAYO SA KUMBENTO?
OO ANAK. GUSTO KO KASI NOON NA MAKATAPOS NG KOLEHIYO, MAGMADRE, TUMULONG SA TAO.


PERO HINDI GANOON ANG NANGYARI. AYAW KASI NG LOLO AT LOLA NYO NA MAG-ARAL AKO. HINDI NAMAN DAW KAILANGAN KASI PAMBAHAY LANG NAMAN ANG PAPEL NG ISANG BABAE.


PERO, MA, NAGTATRABAHO DIN NAMAN KAYO SA LABAS.


HINDI NAMAN KASI TAMA ANG PANINIWALA NOON NG LOLO AT LOLA NYO. TINGNAN NYO, PINAG-AARAL NAMIN KAYO. DAPAT NAMAN TALAGANG BIGYAN DIN NG PAGKAKATAON NA MAKAPAG-ARAL ANG MGA BABAE.
SAKA MA, NAKAKATULONG SA TAO ANG GINAGAWA NYO SA SANCTUARY !


SALAMAT, ANAK ! ANG TAMIS PAKINGGAN NG SINABI MO ! NAPAKALAKING BAGAY PARA SA AKIN NA KAHIT PAPAANO NAKA-KATULONG AKO SA KAPWA. NAGING MAHALAGANG BAHAGI NA NG PAGKATAO KO ANG TUNGKULIN KO SA SANCTUARY. SA BUONG BUHAY KO NGAYON KO LANG NARAMDAMAN BILANG ISANG MAMAMAYAN, NA AKO MISMO, SA SARILING PAGKILOS KO, AY MAY MABUTING NAIAAMBAG SA LIPUNAN.
WAKAS




# SANTWARYONG-DAGAT

### Ano ang santwaryong-dagat?

Ang santwaryong-dagat o *marine sanctuary* ay isang lugar sa dagat kung saan nililimitahan o kaya ay ipinagbabawal ang pagkuha o paggamit ng likas-yaman, lalo na ang pangingisda. Itinatatag ito upang mabigyan ang mga isda at iba pang yamang-dagat ng ligtas na lugar at sapat na panahon para dumami at umabot sa tamang laki bago sila lumangoy palabas ng santwaryo kung saan sila'y maaari nang hulihin.

### Kailan makakamit ang inaasahang benepisyong makukuha sa isang santwaryong-dagat?

Anim na buwan lamang pagkatapos maitatag ang santwaryong-dagat ay makakaasa na ng pagdami ng isda sa loob ng santwaryo, nguni't hanggang 3-4 taon ang maaaring kailanganin bago lubusang gumanda ang bahura at ang mga isda ay lumabas mula sa santwaryo at maaaring hulihin. Dahil walang agarang madaramang pakinabang sa kabuhayan maaaring kakailanganin ng mga apektadong sektor ang dagdag o alternatibong kabuhayan sa unang 3-4 taon ng santwaryo. Kabilang sa maaaring gawin ay ang pagtatanim ng *seaweeds* (guso) at ang asinan. Maaari ring makinabang ang mga mamamayan sa posibleng paglago ng turismo. At pwede ring magsilbi ang santwaryo na isang lugar para sa pag-aaral ng mga estudyante o turista.

Ang santwaryong-dagat ay maituturing na isang pangmatagalang pamumuhunan. Ayon sa mga dalubhasa, hanggang 10 taon matapos maitatag ang santwaryo ang maaaring abutin bago lubusang makabawi ang mga mangingisda. Nguni't sulit naman ang sakripisyo nila dahil higit sa dati ang pakinabang na maaasahan nila mula sa santwaryo. Hanggang 30 tonelada bawa't kilometro kuwadrado bawa't taon ang maaaring mahuli mula sa karagatan na may malusog at protektadong bahura.

### Bakit mas epektibo ang santwaryong-dagat na nasa ilalim ng pangangasiwa ng pamayanan?

Ang isang santwaryo ay maaaring pangasiwaan ng pamahalaan o ng mga nagmamalasakit na mamamayan at mga organisasyon. Sa Pilipinas, naging mas epektibo ang santwaryo kung ito ay ipinagkakatiwala sa mga pamayanan. Ang mga mamamayan o *stakeholders* mismo ang nagbabalangkas ng mga tuntuning angkop sa kanilang lugar. Dalawang pamamaraan ang pagpapatupad ng mga ito: sa pamamaraang *pormal* na nagpapataw ng multa at pagkulong, at sa paraang *impormal* na may kaugnayan naman sa kultura, tradisyon o relihiyon ng pamayanan.

### Paano nakakatulong ang santwaryong-dagat sa pagpaparami at pangkalahatang pangangasiwa ng yamang-dagat?

Ang kahalagahan ng santwaryo sa pangkalahatang pangangasiwa ng likas-yamang dagat ay batay sa mga prinsipyong gumagabay dito:

1. **Nabibigyan ng pagkakataon ang yamang-dagat na magparami nang walang gambala.** Mangangahulugan ito na mananatiling balanse ang likas na sistema ng buhay sa bahura at kaya nitong suportahan ang mga nananatili rito. Ang ilan sa mahahalagang uri ng isda tulad ng lapu-lapu ay nangingitlog lamang pagdating sa 4-6 na taong gulang. Kapag hinuli agad ang mga isdang ito katulad ng malimit na nangyayari, mawawalan sila ng pagkakataong maka-pagparami at hindi maglalaon ay uunti ang kanilang uri.

2. **Napipigil ng santwaryo ang mabilis na pagkaubos ng mga isda at naibabalik kundi man madagdagan ang pakinabang sa pangingisda.** Sa isang lugar na may santwaryong-dagat, may napoproteksyunan bahagi ng bahura kung saan ipinagbabawal ang pangingisda. Kung epektibo ang pagpapatupad ng batas laban sa mapanirang pangingisda sa buong lugar, napapanatiling malago at produktibo ang yamang-dagat dito. Ang mga dalubhasa ay nagmumungkahi na kung maaari, 25% ng bahura sa isang lugar ang gawing santwaryo, at 75% ang maaaring pangisdaan sa wastong paraan. Napatunayan ng mga dalubhasa na mas malaking ani ang nakukuha sa 75% ng bahura kapag protektado ang 25% nito kaysa kung payagan ang pangingisda sa 100 % ng bahura.

3. **Dahil protektado ang mga isda sa loob ng santwaryo, mabilis silang lalaki at darami at nagiging mabilis rin ang paglipat nila sa mga katabing bahura.** Napatunayan ang tinatawag na *"spillover effect"* na ito sa Sumilon Island, Cebu. Makaraan ang ilang taon mula nang itatag ang santwaryo dito, tumaas ang huli ng mga mangingisda sa paligid ng isla, bagaman hindi sila pinayagang pumasok sa santwaryo.

## Ano ang iminumungkahing balangkas sa pagtatatag ng santwaryong-dagat na nasa pangangasiwa ng pamayanan?

Kailangan ng isang balangkas o *framework* sa pagtatatag ng santwaryong-dagat na pangangasiwaan ng pamayanan upang masiguro ang pang-matagalang pakinabang dito. Ito ang gagawing batayan ng pamayanan, kabilang na ang mga mangingisda at lokal na pamahalaan, sa pangangasiwa at pagpapatakbo ng santuwaryo. Limang proseso ang nakapaloob sa balangkas na iminumungkahi ng mga dalubhasa:

1. **Pagbubuo at pagpapalakas ng samahang pangkomunidad o *community organizing*.** Mahalaga sa ikatatagumpay ng santwaryong-dagat ang kooperasyon ng mga taong gagamit at makikinabang dito. Sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapalakas ng samahang pangkomunidad o *community organizing,* maitatatag ang isang komiteng direktang mangangasiwa at magpoprotekta sa santwaryo. Kabilang sa komiteng ito ang mga opisyal ng pamahalaang lokal at mga kinatawan ng mga mangingisda. Magkakasama at magtutulungan sila sa pagpaplano at pagdedesisyon sa pagpapatakbo ng santwaryo.

2. **Pagbibigay-edukasyon sa pamayanan o *community education.*** Habang inoorganisa ang pamayanan, kailangang isagawa din ang pagbibigay-edukasyon sa mga mamamayan. Bago itayo ang santwaryo, kakailanganin ang isang malawakang *information drive* para ipaliwanag ang konsepto, sistema ng pangangasiwa at mga pakinabang na maaaring makuha ng mamamayan mula sa epektibong santwaryong-dagat. Kailangan maipaliwanag din ang mga prinsipyo ng *"marine ecology"* at pangangasiwa ng mga likas yamang-dagat. At kailangang lubusang maunawaan ng mga mamamayan ang epekto ng santwaryo sa kalagayan ng baybaying-dagat at ng mga naninirahan malapit dito.

3. **Pagtatayo ng santwaryong-dagat.** Madaling ipatupad ang pisikal na pagtatayo ng isang santwaryong-dagat dahil may tiyak na agham at teknolohiyang sinusunod dito. Kailangan ang pagtutulungan ng mga siyentipiko at ng komunidad. Kung malaki ang partisipasyon ng mga mamamayan sa pagtatayo ng santwaryo, higit na mauunawaan nila ang proseso at mas magiging maayos ang pagpapapatakbo sa santwaryo.

4. **Pagsasagawa at pagpapatibay ng mga batas para sa pangangasiwa at pagpapalago ng santwaryo.** Ang siyentipikong impormasyon at pagtanggap ng mga mamamayan ang mga batayan sa pagtatayo ng santwaryo. Ang mga ito ay binabalangkas sa pamamagitan ng isang ordinansa. Mahalagang bahagi ng proseso ang lehislasyon o pagsasabatas na may kinalaman sa pagpapatakbo ng santwaryo. Ang ordinansa ay mahalaga upang maipatupad ang mga regulasyon o pagbabawal sa pangingisda at iba pang gawain sa loob at paligid ng santwaryo.

5. **Pagtataguyod ng likas-kayang pangangasiwa o *sustainable management.*** Upang matiyak ang *sustainability* o likas-kayang pangangasiwa at tagumpay ng santwaryong-dagat, kailangan ang sabay-sabay na pagkilos ng mga mamamayan at kinauukulan. Mahalagang nauunawaan ng mga mamamayan ang layunin ng santwaryo. Kailangang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pangangasiwa nito. Kailangan din nilang akuin ang pagmamay-ari dito. At kailangang makita nila na may epekto ito sa kanilang kabuhayan. Sa ganitong paraan, higit ang pagpupunyaging gagawin nila para sa ikatatagumpay ng santwaryo.

## Mga Dagdag na Babasahin


Alcala, A.C. 1988. Effects of protective management of marine reserves on fish abundances and fish yields in the Philippines. Ambio 17: 194-199.

CRMP (Coastal Resource Management Project). 2000. Panimulang Aralin Tungkol sa Santwaryong-Dagat. Silliman University and the Coastal Resource Management Project of the Department of Environment and Natural Resources. Cebu City. Published electronically at http://oneocean.org. 74 p.

Deguit, E. Community Participation in Coastal Resource Management through the Community Organization Method. Unpublished. Undated.

Hermes, R. 1998. Establishment, maintenance and monitoring of marine protected areas, A guidebook. Philippine Business for Social Progress, Manila, 63 p.

Salm, R.V. and J.R. Clark. 1984. Marine and coastal protected areas: A guide for planners and managers. International Union for Conservation of Nature and Natural Resources, Gland, Switzerland, 302 p.

Savina, G.C. and A.T. White. 1986. A tale of two islands: Some lessons for marine resource management. Env. Conserv. 13 (2): 107-113. Unos Vol. 1 No. 3, 15 June 1997.

Walters, J.S., J. Maragos, S. Siar and A.T. White, 1998. Participatory Coastal Resources Assessment: A handbook for community workers and coastal resource managers. Coastal Resources Management Project, Silliman University and Center of Ecellence in Coastal Resources Management, Cebu City, Philippines, 113 p.

Uychiaoco, A.J., S.J. Green, M.T. dela Cruz, P.A. Gaite, H.O. Arceo, P.M. Aliño, and A.T. White. 2010. Coral Reef Monitoring for Management. UP-MSI, UNDP-GEF-Small Grants Program, Guiuan Development Foundation, Inc., Voluntary Service Overseas, UP Center for Integration and Development Studies, Coastal Resource Management Project, Philippine Environmental Governance Project 2, and Fisheries Resource Management Project. 122 p.

Wells, S. and A.T. White. 1995. Involving the community. In Marine protected areas: Principles and techniques for management. Susan Gubbay (ed.). Chapman and Hall, London, pg 61-84.

White, A.T. 1988b. The effect of community-managed marine reserves in the Philippines on their associated coral reef fish populations. Asian Fish. Sci. 1(2): 27-42.

White, A.T. 1997. Planning for Integrated coastal management: What are the steps? Tambuli: A publication for coastal management practitioners. Coastal Resource Management Project, Cebu City, Philippines. No. 3 pp. 15-19.



Sa buong bansa, ang araw-araw na pagkilos para maituwid ang nakakaalarmang epekto ng napakahabang panahong pagsira at walang pakundangang pagsasamantala sa ating mga yamang-dagat ay pinamumunuan ng mga ordinaryong mamamayan na naging sariling adhikain na ang ipagtanggol at protektahan ang ating karagatan. Hango sa totoong buhay, ang TANOD-DAGAT ay isang koleksyon ng mga kwento mula sa anim na komunidad na tinulungan ng USAID/BFAR Fisheries Improved for Sustainable Harvest Project. Ito'y mga kwento ng pagpupunyagi at tagumpay sa pagganap sa tungkulin ng mga tagapagtanggol ng ating dagat. Ang pagsasalaysay ay ginawa gamit pareho ang salita at larawan, tampok mismo ang mga tanod-dagat na ginampanan ang sarili nilang papel sa totoong buhay. Tampok din dito ang ilang miyembro ng komunidad na gumanap bilang kapitbahay, kaibigan, ilegal na mangingisda at iba pang karakter na hinango sa totoong buhay.

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

The Fisheries Improved for Sustainable Harvest (FISH) Project